

Paghahatid ng mga IMPORMASYON para sa kaganapan ng pakikibahagi ng bawat isa bilang isang mamamayan sa lipunan ng bansang Japan.

Paalala Sa Lahat Ng Mamamayang Pilipino: Bumoto Sa Halalan 2016!

Magpanghistro Nal

Kumunsulta po lamang sa ating Embahada o Konsulado.

Pagtanggap ng mga Dayuhan sa Japan ?

Masusing pinag aaralan ng pamahalaan ng Japan ang pagtanggap ng mga dayuhang manggagawa upang mabigyan ng sulosyon ang kinakaharap na suliranin sa bilang ng populasyon ng Japan. Pinaplanon na gawing 5taon ang dati ng 3taong inilalagi ng mga manggagawang dayuhan dito.

Pinag-aaralan din ang pagtanggap ng dayuhang helper dahil ayon sa ABE+ECONOMIX makakatulong sa ekonomiya ng bansang Japan ang makapagtrabaho ang mga kababaihan ng Japan. Inaasahan na dadagsa ang mga dayuhan na papasok sa bansa. Ngayon pa lamang u

maabot na ang bilang ng mga dayuhang trainee sa 72,867. Kabilang dito ang 43.4% Chinese, 14.9% ang Braziliano, at 10.7% naman ang mga Pilipino. Subalit talaga bang



nakahanda ang pamahalaan ng Japan sa pagtanggap na ito? Kaya po kayang pangalagaan ng pamahalaan ang karapatan ng mga dayuhan? Noong nakaraang taon, uma

bot sa 361 ang bilang ng mga dayuhang nakaranas ng pang-iinsulto at diskriminasyon. Kapag dumami pa lalo ang mga dayuhan, hindi maiiwasan ang mga ganitong pangyayari tulad nalang sa mga bansa sa Europa na nagkaroon ng “Xenophobia” pagkainis o di pagtanggap sa mga taong may ibang kultura. Kaya naman, nararapat lang na gumawa ng batas para sa karapatan ng mga dayuhan, dahil hindi isang bagay o materyal na ipinagbibili ang mga dayuhang manggagawa na papasok sa bansang ito.

Visa - free para sa mga Filipinos ay pinag aaralan parin ng Japan.

MANILA, Philippines – Ang Proposal na visa-free para sa mga Pilipino papuntang Japan ay “masugid na pinag aaralan” ng Go byernong Hapon na maaring matapos ngayong taon.

“Ito ay pinag aaralan pa lang at hindi pa nadedesisyonan,” ayon kay Senate President Franklin Drilon na nabanggit niya p

agkatapos ng pagtitipon kasama ang mga miyembro ng Japan – Philippines Parliamentary Friendship League (JPPFL) Sinabi din ni Drillion na napag-usapan din ang mga immigratipon policies para sa Filipino caregivers sa Japan na may malaking aging population. May mga report na ang bansang Hapon ay may plano na

bigyan ng visa-free privileges ang mga Pilipino dahil sa kaniyang kakayahan na gampangan ng mabuti ang kanilang trabaho. Subalit sinabi din ni Kosaka na hindi pa naya masasabi kung kailan ito maisasatupad. Ginagawanya ang lahat ng kanya ng makakaya upang mapadali ang pagsasatupad ngsistemang ito sa taon din na ito.

Dala ba palagi ang iyong Residence Card?

Marami sa ating mga Pilipino ang hindi nakakaalam sa bagong batas ng Japanese Immigration ngayon.

Tulad halimbawa;

1. Kapag hindi palaging dala ang inyong residence card, maaari kayong pagbayarin ng kaukulang penalty na nagkakahalaga ng 200,000yen kapag kayo ay nahuli.
2. Kapag nawala ang inyong residence card, kinakailangan na ipagbigay alam kaagad ito sa immigration ng hindi lalagpas sa labing apat na araw simula sa araw na natuklasang nawawala ito. Kapag hindi nagawa ang bagay na ito, maaari kayong mapatawan ng parusang **pagkabilanggo** ng isang taon pababa o pagbayarin ng halagang **200,000yen** pababa.
3. Kapag nagpalit ng address o lumipat ng tirahan, kinakailangan na ipagbigay alam kaagad ang bagay na ito sa munisipyo kung saan lumipat ng hindi lalagpas sa labing apat na araw. Makalipas ang labing apat na araw subalit hindi pa rin ito naipagbigay-alam, maaari kayong mapatawan ng parusang **pagkabilanggo** ng isang taon pababa o pagbayarin ng halagang **200,000yen** pababa. Kapag hindi pa rin naipagbigay alam ito ng mahigit 90 araw maaari kayong mawalan ng VISA at pabalikin sa sariling bansa.

Ayon sa taong nakaranas na nawala ang kanyang residence card

“ Nawala po ang aking residence card dalawang buwan na ang nakalilipas. Naipagbigay alam ko na ito sa pulisya, subalit nagbabakasakali parin ako na mahanap itong muli kaya hindi ko muna ipinagbigay alam sa immigration. Wala akong kaalam-alam na ang pagpapabaya ko pala na ito ay may pataw na parusa ng pagkabilanggo o pagbabayad ng halagang 200,000 yen pababa. Natakot ako at nabahala, kaya naman dali-dali akong kumunsulta sa isang organisasyon(GQ-Net=078-271-3270) na tumutulong sa mga dayuhan. Sinamahan nila ako upang makipag usap sa immigration tungkol sa aking residence card. Laking pasasalamat ko ng nabigyan ulit ako ng residence card. Kaya naman simula ngayon pinakakaingatan ko na ang aking residence card.”
Mula kay K-San ng Kobe City.



**Kung mayroon po kayong mga katanungan tungkol sa residence card tumawag po lamang sa GQ-Net
Tel: 078-271-3270**

Mga PINOY! Ayon sa Hapon.

Mula kay Mori-San

Para sa akin, napakaganda ng kultura ng mga Pilipino sa pagiging masayahin at mapagmahal sa kapwa. Kahit pa minsan nakakaranas ako ng mga munting di pagkakaunawaan tulad halimbawa sa hindi pagtupad sa itinakdang oras, o pagliban ng walang paalam. Ang hindi maganda sa aming mga Hapon sa mga pagkakataong ganito pinapalampas na lamang ito at hindi sinasabi ang nararamdaman dahil malaki ang pagpapa-halaga namin sa "Kapayapaan". Ganun pa man hanga talaga ako sa pagiging masayahin at mapagmahal sa kapwa ng mga Pilipino.

Paalala: Magkakaroon po ng Misa na Tagalog tuwing ikang-5 Linggo ng buwan sa Church of Holy Spirit Kobe Chuo Catholic Church by Fr. Constancio C. Consulta.



Tsismisan Corner!

Alam ba ninyo na nagbigay ng pagtitipon ang ating Konsulado na ginanap sa Lungsod ng Kobe bilang paggunita sa araw ng Independence day?

Sa pagtitipong ito inanyayahang dumalo mula sa iba't ibang panig ng Japan ang mga Pilipinong matagal ng naninirahan dito. 1 mula sa Oita-ken, 1 mula sa Nagoya, at 1 din mula sa Hiroshima, at ilan naman mula sa Kobe at Osaka. Ang mga Pilipinong nagsidalo ay nakasuot ng pambansang kasuotan. Kabilang din sa mga dumalo ang mga matataas na tao tulad nila Governor Ido ng Hyogo at Mayor Hisamoto ng Lungsod ng Kobe. Ayon sa pahayag ni Ginang Ursula Ramirez, isa sa mga dumalo sa pagtitipon, nagbigay ng pahayag at pasasalamat ang ating Punong Konsulado sa mga nagbigay ng tulong para sa mga nasalanta ng kalamidad sa Pilipinas. Ang pangunahin layunin naman ng pagtitipon na ito ay ang paghihikayat sa mga Hapon na magbukas ng negosyo sa ating bansang Pilipinas.



~ M a s a r a p n a L u t u i n g P i n o y ~ ~



おいしいフィリピンのケーキをつくってみよう!!!

BIBINGKANG MALAGKIT W/ LANGKA (*Glutinous Rice*)

Ingredients:

- 4 cups coconut milk
- 1/2 tsp. salt
- 1/2 cup brown sugar
- 3 cups malagkit (glutinous) rice
- 4 pcs. langka (jackfruit) sliced

Toppings:

- 1/4 cup brown sugar
- 4 cups thick coconut milk

Serves 8 to 12.pieces

Cooking Procedures:

- 1) In a large heavy pot, bring coconut milk to boil. Add salt and malagkit rice . Cook on medium heat , stirring until rice is almost dry for about 15 to 20 minutes.
- 2) Stir in 1/2 cup brown sugar and sliced langka. Lower heat cook for 10 minutes.
- 3) Spread cooked rice in a greased foiled-lined 9" x 13" oblong pan or pyrex pan , Set aside.
- 4) ***For Topping:*** Combine 1/4 cup brown sugar with 4 cups thick coconut milk in a heavy pot , bring to boil for 15 to 20 minutes. Watch it carefully . It burns easily.
- 5) Stir until scum (latik) become thick and a little crispy. Remove the crispy scum (latik) from the heavy pot and set aside to cool.
- 6) Put latik on the spread cooked rice , cut into squares.



Pagpapakilala sa naglathala ng NEWSLETTER na ito. Ang **WORKMATE**

Ano po ba ang Workmate? ワークメイトって、なに?

Ang Workmate po ay nagko-coordinate ng mga services at activities, para sa pagbibigay ugnayan sa mga mamamayan ng Japan at mga mamamayan mula Asya bilang partners.

Para sa ikabubuo ng mapayapang multicultural na lipunan, layunin ng Workmate na makapagbigay ng pagkakataon na maunawaan ng mga mamamayan ang bawat isa ano man ang nasyonalidad o kung saan mang grupo ang pinagmulan.

Ano ang mga serbisyo nito? どんなことをする?

- 1 Sumusuporta sa mga dayuhang kababaihan sa paghahanap ng trabaho at paghahanap ng mag aalaga para sa anak.
- 2 Pagbibigay ugnayan para sa mamamayan ng Japan at mamamayan mula sa mga bansa sa Asya.
- 3 Sumusuporta sa mga social business para sa ikauunlad pa ng mga bansa sa Asya at pagkakaroon ng mga trabaho.

/// Workmate Programs/// July, August and September///

Nagko-coordinate din po kami ng Japan Tour para sa mga Pilipinong nagnanais mamasyal sa mga lugar sa Buong Japan. Sa mga interesado, tumawag po lamang!

Simula po sa August, magsisimula napo ang Tagalog Lesson at Japanese Lesson. Sa mga nais mag aral at interesado,

Kung mayroon pong mga katanungan tungkol sa aming mga activities at services, huwag pong mag-atubili, kumontak po lamang sa telephone, fax, or e-mail.

Workmate

[OFFICE] 2-15-13 Sunshine Yamate 401,
Nakayamatedori Chuo-ku , Kobe-shi Hyogo-ken

[TEL/FAX] 078-779-1572

[E-mail] workmate.office@gmail.com

[HP] <http://www.workmate.jimdo.com>



Ang Workmate ay naghahanap po ng partners para sa aming mga serbisyo. Tawag na at mag parehistro! (wala pong bayad ang pagpa-parehistro)

Luto ni Inay
母の料理
Catering Service
Call 09098875092
Email: info@luto-ni-inay.com
Facebook: <http://facebook.com/luto-ni-inay>

Masaya kapag may party para sa binyag, birthday, debut, graduation, kasal, event, etc. Kaya lang nakakapagod ang magluto at magligpit. Naririto na po para sa inyo ang **CATERING SERVICE** ng bayan. Ang LUTO NI INAY!

Para sa mga nagpa-plano umuwi ng Pilipinas, Bakit magpapakihirap ka pa na magbitbit ng mga bagahe? Ipadala na sa ANSHIN, YASUI, na door to door **BALIKBAYAN BOX!!!**

WINGUYS EXPRESS NO WEIGHT LIMITS! BANGS, PRIVATE'S FROM 100g!
Call 0120-147-369 (TOLL FREE)
ANSAYAH! and WE DO OUR BEST TO SERVE YOU BETTER!

TRY YOUR ADS HERE! WELCOME PO ANG BUSINESS AT JOBS ADS.